



Buod ng Session at Kung Ano ang Ibinahagi:

Mga Pangunahing Elemento ng Epektibong Paghahatid ng Serbisyo para sa Mga Bata at Kabataan na Nangangailangan ng Suporta at Mga Pamilya Nila

Tungkol sa Serye ng Mga Tagapagsalita sa Symposium

Bilang bahagi ng engagement ng Children and Youth with Support Needs (CYSN), nagsagawa ng serye ng virtual na tagapagsalita para maikonekta sa mga British Columbian ang mga propesyonal na nasa field ng development at kapansanan ng bata at kabataan. Ang serye ay oportunidad din para lumahok sa pinapangasiwaang dialogue para makatulong na mapahusay ang isang bagong panlalawigan na pamamaraan sa serbisyo ng CYSN na balanse sa mga lokal na sitwasyon at mga indibidwal na pangangailangan.

Bukas sa lahat ng British Columbian ang serye na ito ng virtual na tagapagsalita sa symposium at nagbigay ito ng natatanging oportunidad para suportahan ang kolaborasyon at pagbabahagian sa mga pamilya, propesyonal, provider ng serbisyo, at interesadong partido. Ang mga talakayan sa breakout room ay nagbigay sa mga kalahok ng oportunidad na magkaroon ng mga inklusibong usapan, magbahagi ng mga insight, pinakamahuhusay na kagawian, at tumuklas ng mga pananaliksik at kaalaman mula sa session sa pamamagitan ng lente na laban sa racism. d

Pangkalahatang-ideya ng Session

Noong Huwebes, Nobyembre 28, nagpresenta si Dr. Pat Miranda tungkol sa “Mga Pangunahing Elemento ng Epektibong Paghahatid ng Serbisyo para sa Mga Bata at Kabataan na Nangangailangan ng Suporta at Mga Pamilya Nila.” Si Dr. Miranda ay isang propesor sa Department of Educational and Counselling Psychology and Special Education, at Director ng Centre for Interdisciplinary Research and Collaboration in Autism (CIRCA) sa University of British Columbia at isang Board-Certified na Behavior Analyst.

Ang presentasyon ay batay sa pagsusuri at pag-aaral sa pananaliksik na isinagawa para sa Office of the Representative for Children and Youth noong 2022 at na-publish noong Pebrero 2023.

Mahigit 125 tao ang sumali sa session na ito mula sa mga lugar sa buong lalawigan, na kumakatawan sa iba’t ibang pananaw kabilang ang mga non-profit na organisasyon, propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, pamilya, guro, at iba pa.

Mga punto mula sa session:

- Ang na-publish na pananaliksik ng literatura mula taong 2000 pasulong ay nagresulta sa kabuuang 50 pag-aaral na tumukoy ng mga pangunahing elemento ng paghahatid ng serbisyo sa tatlong domain:
 1. Domain ng mga pangkalahatang serbisyo ng CYSN na may anim na pangunahing elemento:
 - 1) pagbibigay ng pangangalagang nakatuon sa pamilya, 2) cross-sector na kolaborasyon, 3) koordinasyon ng pangangalaga ng mga serbisyo sa lahat ng therapy, 4) sapat at makatarungang pagpopondo, 5) mga serbisyong naka-customize para matugunan ang mga pangangailangan ng indibidwal, at 6) pagsasanay ng staff na may kaugnayan sa modelo ng paghahatid ng serbisyo.
 2. Domain ng paghahatid ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na may dalawang pangunahing elemento: 1) mga wraparound na serbisyo at 2) dali ng pag-refer at pag-access.
 3. Domain ng mga serbisyong pangkatutubo ng CYSN at pampamilya na may dalawang elemento na natukoy: 1) pag-integrate ng kultura, mga prinsipyo, at mga kagawian ng Katutubo (ibig sabihin, “Two-Eyed Seeing”) sa sistema ng paghahatid ng serbisyo at 2) pagsuporta sa buong pamilya, hindi lang sa bata o kabataan na nangangailangan ng suporta.
- Mga asset at suhestyon na nauugnay sa pagpopondo sa pagpapahusay sa workforce, engagement ng MCFD sa mga pamilya, provider ng serbisyo, at eksperto, paggamit sa dati nang network ng mga Child Development Centre (mga CDC) na may kahusayan at paninindigan, paggamit sa dati nang network ng mga partner ng komunidad, mga post-secondary na institusyon, at iba pang kahusayan, at cross-ministry na kolaborasyon para mabawasan ang mga waitlist at mapalawak ang availability ng mga serbisyo/suporta.

Talakayan sa breakout room – Ano ang Ibinahagi

Ang mga kalahok ay inilagay sa maliliit na breakout room (na may lima hanggang 15 kalahok kada room) para sa mino-moderate na talakayan at itinanong ito sa kanila:

- Sa lahat ng kaalamang ibinahagi ngayong araw, ano ang isa o dalawang pagsasaalang-alang na pinakamahalaga para sa iyo kapag nagpapahusay ng sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta?

Isinasalamin ng mga komento ang mga karanasan sa buhay ng mga kalahok, at ang kanilang mga pananaw at ideya para sa epektibong sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta sa buong BC.

Ikinategorya sa apat na tema ang mga komento ng kalahok:

1. Pagpapalano at Koordinasyon ng Serbisyo: direktang pagpapalano kasama ang mga pamilya, (anumang uri ng) pagpapalano sa transisyon, cross-program/ministry na koordinasyon.
2. Paghahatid ng Serbisyo: mga direktang Serbisyo ng CYSN, mga wraparound na serbisyo, mga pagsasaalang-alang sa workforce.
3. Pangangasiwa: pagpopondo, mga proseso at pathway ng serbisyo (hal., intake; pagbibigay-prioridad), mga tungkulin at responsibilidad ng ministry (ibig sabihin, aling ministry ang responsable sa isang bagay), at pisikal na espasyo.
4. Mga Pamamaraang Nakatuon sa Katarungan, Laban sa Racism, at Inklusibo.

Pagpapalano at Koordinasyon ng Serbisyo

Sa konteksto ng direktang pagpapalano kasama ang mga pamilya, nagkaroon ng mahahalagang punto at mga potensyal na estratehiya. Nagpahayag ang mga kalahok ng pangangailangan para sa holistic na pamamaraan bilang mahalaga para sa lahat ng pamilya. Pagdating sa pamamaraang nakatuon sa pamilya, maaaring maging kapaki-pakinabang para sa sistema na magbigay ng suporta para sa iba't ibang hanay ng mga pangangailangan, na kinikilalang ang mga pamilya ay posibleng mangailangan ng iba't ibang antas ng suporta, kung saan ang ilan ay nangangailangan ng mas madalas na pag-check in at ang iba ay nakakabenepisyo sa individualized na suporta.

Para suportahan ang pagpapalano sa transisyon, kinakailangan ang komunikasyon para sa mga pamilyang may mga anak na mula sa murang edad ay aabot na sa edad ng pagpasok sa paaralan pasulong. Pagdating sa cross-program na koordinasyon at koordinasyon ng ministry, umasa ang mga kalahok sa pag-integrate ng mga serbisyo, kabilang ang mga naka-streamline na proseso at pagbabahagi ng impormasyon. Nabanggit din ng mga kalahok na makakatulong na dagdagan at palawakin ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga batang nangangailangan ng suporta, kung saan magsasama ng mga serbisyo gaya ng art therapy at one-on-one na suporta, bilang karagdagan sa mga panggrupo o pampamilyang pamamaraan na available.

Ang mga navigator ng programa, iisang sistema ng pagtatala ng kaso, at pagtuklas ng mga oportunidad para gawing sentralisado ang paghahatid ng serbisyo ng CYSN o mapabilis ang komunikasyon sa mga ministry ay ilang ideya na ibinahagi para pag-isipan sa pagsuporta sa mga pamilya. Ibinahagi ng mga kalahok na mahalagang pag-usapan ang haba ng buhay ng indibidwal at ang mga serbisyong available sa kanya sa iba't ibang yugto ng buhay (na tumutukoy sa pagkakaiba ng CYSN at Community Living BC). Ibinahagi ng ilang kalahok na may mga mas nakababatang anak na nangangailangan ng suporta na mayroon silang mga hindi pormal na network ng komunikasyon kasama ang mga kaibigan, ngunit nawala ang mga ito sa pagtanda ng kanilang mga anak. Nabanggit ng mga kalahok na nagkikita-kita ang mga komunidad para magbahagi ng impormasyon at nakikinabang ang mga ito sa mas maayos na inter-ministerial na komunikasyon para mas mapahusay ang suporta.

Paghahatid ng Serbisyo

Kabilang sa mga suhestyon para mapahusay ang mga direktang serbisyo ng CYSN ang:

- Pagbibigay ng nakabatay sa ebidensya na mga opsyon sa suporta sa pag-uugali, ayon sa mga pangangailangan ng bata o kabataan.
- Pagdaragdag sa bagong sistema ng mga pinahusay na pamamaraan para sa Fetal Alcohol Spectrum Disorder (FASD) at pagkakatantad sa substance habang ipinagbubuntis.

Ibinahagi ng mga kalahok na mas gusto ng mga pamilya na mag-access ng mga serbisyo sa loob ng kanilang komunidad, kabilang ang mga nakatira sa malalayong lugar ng lalawigan.

Para masuportahan ang mga bata at kabataang may mga kumplikadong pangangailangan, iminungkahi ng mga kalahok na gumawa ng 'magulang na navigator' na tungkulin (isang nakalaang figure ng suporta para tumulong sa mga pamilya sa pag-access at pag-navigate sa mga serbisyo at para tiyakin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo) at isang support person para tulungan ang mga pamilya sa pamamagitan ng mga referral. Mapapahusay ng naka-personalize at hands-on na pamamaraan ang mga karanasan ng mga pamilya sa pag-access ng serbisyo. Ang mga naka-target na pagsisikap at strategic na pagpapalano ay magbibigay-daan sa mga batang may mga kumplikadong pangangailangan na matanggap ang suportang kailangan nila sa paraang naaayon sa mga kagustuhan at sitwasyon ng komunidad.

Ang pinahusay na pagsasanay at pagpapalawak ng mga oportunidad sa pagsasanay, partikular sa pagsuporta sa mga batang may mga kumplikadong pangangailangan ay makakatulong sa paggawa ng matatag at handang-handa na workforce. Iminungkahi ng mga kalahok na lumikha ng kapasidad para sa serbisyo, partikular para sa mga pamilya sa mga malayo at rural na lugar; maaaring bumuo ng mga kumprehensibong estratehiya para mapalaki ang kapasidad, mapahusay ang mga paraan ng pagsasanay, at matugunan ang mga sistemikong isyu na nakakaambag sa kakulangan ng mga propesyonal sa sektor ng mga serbisyo para sa bata at kabataan. Makakatulong din ang pagpapanatili ng kaalaman sa institusyon.

Pangangasiwa ng Programa

Ang mga talakayan ng kalahok ay tumuon sa pagtiyak ng sapat at angkop na pondo, habang nauunawaang kailangang isaalang-alang ang paglalaan ng resource. May nabanggit na punto na umangkop ang mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan para makatugon sa mga nagbabagong kundisyon, gaya ng ipinamalas noong pandemya ng COVID-19, kung saan napag-alaman na ang mga solusyon ay tumutugon sa mga bagong pangangailangan (halimbawa, may higit na awtonomiya ang mga pamilya sa paggamit ng mga suporta sa programa). Dagdag dito, narinig namin na ang pagpopondo ay nauugnay dapat sa mga karapatang pantao. Ang mga pamamaraan sa pagpopondo ay maaaring tumuon sa katatagan at pagtutugma ng programa sa mga rehiyon, kung saan ang pagpopondo ay nakalaan para sa mga rural na lugar at para sa pagsasanay sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Ipinahayag ng mga kalahok na makakatulong ang transparency sa paglalaan ng pondo, partikular para sa pagsasanay ng propesyonal.

Nagpahayag ang mga kalahok ng suporta para sa mga naka-streamline na proseso ng intake partikular para sa mga pamilyang hindi nagsasalita sa English para mapadali ang pag-navigate sa sistema. Kaugnay ng mga pangangailangan sa suporta, ang pagpapadali sa mga proseso at pagtiyak na gumagabay ang mga diagnosis sa pag-access sa paggamot at suporta ay makasisiguro na matutugunan sa sistemang ito ang mga pangangailangan ng mga bata at kabataan.

Kasama sa mga rekomendasyon ang: maagang interbensyon, pagpapabilis sa mga proseso ng waitlist, at pagdaragdag ng kultural na suporta sa pamamagitan ng mga navigator para mapagaan ang mga responsibilidad ng pamilya. Ibinahagi ng mga kalahok na ang mga resource ay nakadirekta dapat sa malalayong Katutubong komunidad at mga hindi gaanong napagseserbisyuhang lugar, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagbuo ng ugnayan, mahabaging pangangalaga, at pagbibigay ng mga opsyon para sa mga bata at kabataan.

Mga Pamamaraang Nakatuon sa Katarungan, Laban sa Racism, at Ingklusibo

Kasama sa mga pangkalahatang punto na nabanggit sa session na ito ang:

- Pagsasaalang-alang sa pagkamakatarungan sa pagpopondo sa mga rehiyon at pagtugon sa mga pangangailangan.
- Pagsuporta sa mga pamilya para ma-navigate ang proseso sa pangangasiwa (hal., mga form at dokumento), partikular para sa mga pamilyang hindi matatas sa English.
- Pagbuo ng mga suporta at pag-unawa sa kultura sa sistema ng pangangalaga.
- Pagkilala sa sentralidad ng karanasan sa buhay at pagtiyak na may mga nakatakdang tungkulin para sa suporta gaya ng mga navigator para masuportahan ang mga pamilya, at maunawaan ang kanilang kasalukuyang sitwasyon.
- Pagbibigay-prioridad sa kultural na kakayahan para sa mga Katutubong komunidad at mga ethnocultural na komunidad.

Buod ng Mga Tanong at Komento ng Kalahok:

Sa buong presentasyon, ang mga kalahok ay nagbahagi ng mga komento at tanong sa chat function ng Zoom na nauugnay sa pagdidisenyo ng bagong sistema para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta:

- Pagsasanay at Edukasyon: Pagbibigay-diin sa pangangailangan para sa higit pang programa sa specialized na pagsasanay tulad ng pagsasanay sa pagkakakilanlan at paghahayag ng kasarian para sa mga provider ng serbisyo. Pagkilala sa kahalagahan ng mga navigator ng pagsasanay at mga peer specialist.
- Access sa Mga Serbisyo: Mga suhestyon para kilalanin ang mga pamilya bilang mga pangunahing nagpapasya sa mga therapy na ibinibigay sa kanilang mga anak at kabataan.
- Mga Magkakaugnay na Serbisyo: Pagbibigay diin sa kolaborasyon sa Mga Ministry (hal., engagement ng mga ministry at provider ng serbisyo sa MCFD) para makabuo ng bago at naka-integrate na sistema at mga oportunidad sa pagsasanay at mga insentibo para sa mga propesyon tulad ng mga speech language therapist, occupational therapist, atbp.
- Paglikha ng Kapasidad: Paggamit ng peer support o mga paraprofessional para suportahan ang paglikha ng kapasidad sa sistema.